
2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 1: Pag-unawa sa Teksto Gamit ang Karanasan





ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang**
**Baitang Alternative**
**Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Pag-unawa sa Teksto Gamit ang**
**Karanasan Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng
Edukasyon Kalihim: Leonor Magtolis
Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Cristina T. Fangon

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagaguhit:** Jeanette H. Payson

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor P. Nuesca EdD
Merlinda T. Tablan EdD
Ellen C. Macaraeg EdD
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ______________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 8
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 1: Pag-unawa sa Teksto Gamit ang Karanasan

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pag-unawa sa Teksto Gamit ang Karanasan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pag-unawa sa Teksto Gamit ang Karanasan!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago tumungo sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.


Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa mg kaugnay Na kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makagagamit ng unang kaalaman o karanasan sa pag- unawa ng napakinggan/nabasang teksto.

# *Subukin*

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Piliin at isulat sa papel ang letra ng tamang sagot mula sa kahon.




_____1. Kadalasan ito ay mataas, nagbibigay ng lilim kapag araw ay masikat. Kadalasan ito'y nagbibigay din ng pagkaing masarap.

_____2. Isinusuot ko ito sa pagpasok sa paaralan at pagpunta sa simbahan, gamit sa paa upang di masugatan.

_____3. Mapagmahal at maalaga sa aming magkakapatid, nais niyang kami ay kapiling sa bawat sandali.

_____4. Malamig na, masarap pa, bagay na bagay sa tag-init.

_____5. Kadalasa'y mahaba kung ito ay bago pa subalit umiigsi sa katatasa.

# Aralin 1 Pag-unawa sa Kuwento Gamit ang Karanasan

Sa ating pang-araw-araw na buhay ay nakaririnig tayo ng iba't ibang kuwento. Maaaring ito ay kuwento ni nanay, tatay, ate, kuya, lolo, lola, o ng iyong guro at mga kaibigan.

Sa pakikinig at pagbasa ng teksto, mahalaga na atin itong nauunawaan. Bukod sa pagkilala sa mga tauhan sa kuwento, maaari ring maiugnay ang mga pangyayaring ito sa ating sariling karanasan.

## *Balikan*

<u>Panuto</u>: Alin sa mga sumusunod ang dapat tandaan sa pakikinig sa isang kuwento? Lagyan ito ng tsek (✓).

______1. makipagkuwentuhan sa katabi

______2. tumingin sa nagkukuwento

______3. Tandaang mabuti ang mga tauhan ng kuwento.

______4. Tandaan ang mga mahahalagang pangyayari sa kuwento.

______5. Maglaro habang may nagkukuwento.

# Tuklasin

<u>Panuto</u>: Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti.



## Kakaibang Baboy ni Kiel

Akda ni Cristina T. Fangon

Walong taong gulang pa lamang si Kiel ay natutuhan na niyang mag-alaga ng isang baboy. Kakaiba ang baboy na alaga niya, hindi ito lumalaki, hindi rin tumataba subalit ito ay bumibigat. Ito ay isang alkansiya, dito niya itinatabi ang sobra niyang pera.
Tuwing hapon pagkagaling sa paaralan ay binibisita niya ang kanyang alkansiyang baboy at hinuhulugan ito.
Natutuwa siyang marinig ang tunog mula dito. Ang perang kanyang naiipon ay inilalaan niya para sa kaarawan ng kaniyang ina.

Lumipas ang mga araw. Sumapit na ang kaarawan ng kaniyang ina. Kinuha niya ang kanyang baboy, inalog- alog niya hanggang sa makuha ang lahat ng laman nito. Tinapik-tapik niya ito at sinabi, pangako pabibigatin kitang muli. Nakalabas na ngumiti si Kiel at bumili ng isang pulang blusa kasama ang kaniyang kuya Clarence.

## *Suriin*

Mayroon tayong mga karanasan na maihahalintulad sa ating nabasang kuwento. Marunong ka rin bang mag- ipon? Maaaring ang sitwasyon na iyong nabasa ay nangyari na sa iyo. Tara balikan natin ang ating kuwento.

Panuto: Sagutan ang sumusunod na mga tanong tungkol sa binasang kuwento. Bilugan ang letra ng iyong sagot.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kwento?
   a. Clarence b. nanay c. Kiel

2. Totoo bang baboy ang alaga ni Kiel?
   a. opo b. hindi po c. ewan ko po

3. Sa palagay mo, saan kinukuha ni Kiel ang ipinanghuhulog niya sa kanyang alkansiyang baboy?
   a. pinupulot sa daan
   b. hinihingi sa nanay
   c. sobra sa kaniyang baon

4. Ano ang alaga ni Kiel?
   a. alkansiyang aso
   b. alkansiyang baboy
   c. alkasiyang manok

5. Anong katangian ni Kiel ang ipinakita sa kuwento?
   a. masayahin
   b. magastos
   c. mapag-ipon
6. Paano mo nasagot ang mga tanong sa bilang 1 hanggang 4?

a. Hinulaan ko po ang sagot.
b. Binasa at inunawa ko po ang kuwento.
c. Nagpaturo po ako ng sagot sa nakatatanda?

7. Alin sa mga sumusunod ang maaari mong gawin upang higit mong maunawaan ang tekstong nabasa o napakinggan?
   a. Iugnay ito sa iyong sariling karanasan.
   b. Basta basahin lamang ang kuwento.
   c. Palaging umasa na ipaliliwanag ito sa iyo ng iba.



***Mga Tala para sa Guro***

Basahin nang malakas ang mga kuwento at sitwasyon sa mga susunod na Gawain. Ipagawa ang mga pagsasanay sa mag-aaral.

# Pagyamanin

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Makinig sa babasahing kuwento at sagutan ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

### Araw Para sa Kanya

Akda ni Cristina T. Fangon

Araw ng Linggo, maagang nagising ang mag-anak ni Aling Minda. Sabay-sabay silang kumain ng agahan at mabilis na naghanda para magsimba.

Sa loob ng simbahan ay tahimik na nagdarasal ang lahat, sumasabay sa awit ng papuri at nakikiisa sa iba pang gawain.

Matapos ang misa ay masayang umuwi ang mag- anak.

Anong araw nagsimba ang mag-anak ni Aling Minda? _

1. Saan nagpunta ang mag-anak? ______________________________
2. Ano-ano ang mga ginawa nila sa simbahan?

   ____________________________________________________________
3. Mahalaga ba ang magsimba? ________________________________
4. Ano ang ipinagdarasal mo kung ikaw ay nagsisimba? ________________________________

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Makinig sa babasahing kuwento at sagutan ang sumusunod na tanong. Isulat sa patlang ang letra ng iyong sagot.

### Mahusay na Kamay

Akda ni Cristina T. Fangon



Hilig ni Jowen ang gumuhit. Gumuguhit siya ng puno, tao, hayop at kung ano-ano pang nakikita niya sa kaniyang paligid. Batid niyang magaling siya. Sa mga paligsahan siya ay laging nangunguna. Gayunman, lagi niyang sinasanay ang kaniyang kakayahan dahil lagi niyang naaalala ang sinasabi ng kaniyang ina, "Kung hindi mo pauunlarin ang iyong talento ay mawawala iyan sa iyo." Sa tuwing naiisip niya, lalo niyang pinaghuhusay ang kaniyang ginagawa.

_______1. Ano ang iba pang tawag sa pagguhit?
A. pagkulay B. pagpinta C. pag-drawing

_______2. Magiging magaling kaya si Jowen sa pagguhit kung hindi siya nagsasanay?
A. opo B. hindi po C. ewan po

_______3. Anong katangian ang mayroon si Jowen?
A. masipag B. matiyaga C. mabait

_______4. Sino ang laging naaalala ni Jowen kaya pinagbubuti niya ang kaniyang ginagawa?
A. nanay B. tatay C. lola

_______5. Ano ang ibig sabihin ng pamagat sa ating kuwentong "Mahusay na Kamay"?
A. magaling makipaglaban
B. magaling maglaba
C. magaling gumuhit

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Pakinggan ang teksto. Suriin kung ano ang dapat gawin ni Jose. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.

Pagkagaling mula paaralan ay nagbihis ng pambahay si Jose, maglalaro sana siya subalit nakita niyang abala ang kanyang ina sa mga gawaing bahay. Habang inaantay nitong kumulo ang inilulutong ulam ay naglilinis ito. Ano kaya ang dapat gawin ni Jose?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Basahin ang teksto. Suriin kung ano ang dapat gawin ni Jose. Iguhit ang masayang mukha (☺) sa patlang na katapat ng iyong napiling sagot.

Umuulan noon, masayang nakatanaw si Jose sa mga batang naglalaro sa labas. Kagagaling lang niya sa sakit subalit maayos na ang kaniyang pakiramdam.

Maghuhubad na sana siya ng damit nang dumating ang kanyang ina at pinigilan siya. Hindi siya pinayagang maligo sa ulan.

_______A. Magdadabog at magkukulong sa iyong silid.

_______B. Hindi susundin ang ina at maliligo pa rin sa ulan.

_______C. Susunod sa ina dahil alam niyang iyon ang tama.

## Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Ano ang dapat mong gawin sa sumusunod na mga sitwasyon? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Naiwanang bukas ang gripo sa inyong lababo.

   ____________________________________________

2. Nasira mo ang laruan ng iyong kaibigan.

   ____________________________________________

3. May pagsusulit kayo kinabukasan.

   ____________________________________________

4. Nakita mong walang baon ang iyong katabi sa upuan.

   ____________________________________________

5. Napulot mo ang panyo at pitaka ng iyong kaklase.

   ____________________________________________


## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Punan ang bawat patlang. Piliin ang letra nang wastong sagot.

1. Pagkagising sa umaga, upang maipakita ang pasasalamat sa Diyos, ako ay________________________.
   a. nagsasayaw c. nagdarasal
   b. kumakanta d. tumutula
2. Binabawalan ako ni Nanay na maglaro sa ulan upang ako ay hindi____________________________.
   a. sipunin c. malatin
   b. lumaki d. maasar
3. Kumakain ako ng gulay at prutas dahil gusto kong maging____________________
   a. payat c. maganda
   b. antukin d. malusog
4. Pag-uwi ko sa bahay ay natanaw ko agad si Lolo kaya ako ay agad na lalapit sa kanya at __________________.
   a. aasarin siya c. magdarasal
   b. magmamano d. sasayaw
5. Maraming dala si Nanay nang umuwi siya galing sa palengke, sasalubungin ko siya at_________________________.
   a. yayakapin
   b. hihingan ng pasalubong
   c. tutulungan siyang magbitbit
   d. kakawayan.

## Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot.




____________________ 1. Ito ay madalas na ginagamit na pamunas ng mukha at kamay.

____________________ 2. Masarap itong inumin lalo na kung ito ay malamig.


____________________ 3. Ginagamit ko ito sa pagligo para ako'y maging mabango at malinis.

____________________ 4. Ito ay paboritong laruan ng kapatid kong babae.

____________________ 5. Isinusuot ko ito bago ako magsapatos.

## Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Basahin ang sumusunod na mga paglalarawan. Piliin ang letra ng wastong sagot sa loob ng kahon.




______1. Hayop na lumilipad, mayroon silang pakpak

______2. Malambot ito, masarap yakapin at ilagay sa ulunan

______3. Bilog at tumatalbog, umiimpis kapag nabutas

______4. Pansapin sa likod kung pawisan, pangkuskos sa katawan sa paliguan

______5. Paboritong gamitin ng mga bata matapos ang pagguhit ng larawang kanilang ibig

## *Isaisip*

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot upang mabuo ang kaisipan.

| | | |
|---|---|---|
| teksto | maunawaan | tanong |
| karanasan | pag-uugnay | |

Ang paggamit sa iyong mga ___________ o nauna mong kaalaman sa pagbasa o pakikinig sa isang teksto ay magandang gawi. Mahalaga ang ___________ ng iyong karanasan sa teksto upang higit itong ___________.

Ito man ay tula, kuwento, simpleng pangungusap o talata dapat ito ay nababasa mo nang may pang- unawa. Ang wastong pagsagot sa mga ___________ tungkol sa ___________ ay pagpapatunay ng pag-unawa dito.

# *Isagawa*

<u>Panuto</u>: Piliin ang tamang letra ng salitang nakakahon na tumutukoy sa mga pangungusap sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| A.bahay | B. aklat | C. payong |
| D. suklay | E. sepilyo | |

______1. Umuulan man o umaaraw ay lagi ko itong bitbit.
Ginagamit ko ito upang di ako magkasakit.
Sa munti kong braso aking sinasabit.

______2. Sa paaralan o tahanan ako'y iyong kaibigan.
Kuwentong kay ganda, mayroon ako niyan,
marami ding aralin, saki'y matututunan.

______3. Paboritong lugar ng aking pamilya,
narito si Inay, gayundin si Itay,
Sina Ate at Kuya lagi ko ditong karamay

______4. Kaibigan ng ngipin kung ako'y ituring,
kahit maliliit na singit aking lilinisin,
upang magandang ngiti mo'y laging mapansin.

______5. Gamit ako para buhok mo'y gumanda,
umunat, umayos at kumikintab pa para
naman araw mo ay laging masaya.

## *Tayahin*

<u>Panuto</u>: Isulat ang tamang letra na angkop sa mga saknong ng tula. Piliin ang sagot sa kahon.

A. panadero
B. guro
C. doktor
D. bumbero
E. pulis

_______1. Madalas mo akong makikita,
sa kalsada man o sa opisina.
Trabaho kong panatilihin,
kaayusan ay bigyang-pansin.

_______2. Nagliliyab na bahay o gusali man
ay hindi ko katatakutan.
Mailigtas lamang
ang buhay ninyo't ari-arian.

_______3. Sa klinika at ospital
ako'y iyong makikita.
Prayoridad ko ang kalusugan
ng mga mamamayan.

_______4. Pangalawang magulang
ang turing sa akin.
Magturo sa mga mag-aaral
ang aking gawain.

_______5. Masarap na tinapay,
gawa ng aking mga kamay.
Kasiyahan kong makitang
busog inyong tiyan.

# Karagdagang Gawain

<u>Panuto</u>: Basahin ang kuwento at sagutan ang mga tanong. Isulat ang letra nang wastong sagot.

## Si Putot at Bibot

Akda ni Cristina T. Fangon



Si Putot ay asong masayahin, mapaglaro at magiliw sa kaniyang among si Bibot. Pag-uwi galing sa paaralan ay sinasalubong ni Putot si Bibot. Palaging pinapakain ni Bibot si Putot. Madalas ay may pasalubong na tinapay ang amo na galing sa baon nito.

Tuwing Sabado ay sabay na naliligo si Putot at si Bibot. Namamasyal sila at naghahabulan. Mahal na mahal ni Bibot ang kanyang asong si Putot.

1. Sino ang may alagang aso?
   A. Putot    B. Bibot
2. Ano ang madalas na pasalubong ni Bibot sa alaga?
   A. kanin    B. tinapay
3. Kailan pinapaliguan ni Bibot si Putot?
   A. tuwing Linggo    B. tuwing Sabado
4. Kung ikaw ay may alagang aso, anong pagkain ang ibibigay mo sa kanya?
   A. kanin namay ulam    B. tsokolate
5. Ano kaya ang mararamdaman ni Bibot kapag nawala si Putot?
   A. malulungkot    B. matutuwa

# *Susi sa Pagwawasto*

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Subukin**<br>1. B<br>2. E<br>3. C<br>4. A<br>5. D | **Balikan**<br>1.<br>2. ✓<br>3. ✓<br>4. ✓<br>5. | **Suriin**<br>1. C<br>2. B<br>3. C<br>4. B<br>5. C<br>6. B<br>7. A | |
| **Pagyamanin** | | | |
| **Pinatnubayang Pagsasanay1**<br>1. Linggo<br>2. Simbahan<br>3. Nagdasal at umawit<br>4. Opo<br>5. (tanggapin ang mga sagot na may kinalaman sa kanilang ipinagdasal) | **Pinatnubayang Pagtatasa 1**<br>1. C<br>2. B<br>3. B<br>4. A<br>5. C | **Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br>Tutulungan kop o sa gawaing bahay si Nanay | **Pinatnubayang Pagtatsa 2**<br>☺ Susunod sa ina dahil alam niyang iyon ang tama |
| **Malayang Pagsasanay 1**<br>1. Papatayin ko po ang gripo<br>2. Hihingi po ako ng paumanhin<br>3. Mag-aaral po ako ng leksiyon/aralin<br>4. Ibabahagi kop o ang aking baon<br>5. Ibabalik kop o ito sa may-ari<br>(tanggapin ang mga sagot na malapit sa sagot sa bawat bilang) | **Malayang Pagtatasa 1**<br>1. C<br>2. A<br>3. D<br>4. B<br>5. C | **Malayang Pagsasanay 2**<br>1. Panyo<br>2. Tubig<br>3. Sabon<br>4. Manika<br>5. Medyas | **Malayang Pagtatasa 2**<br>1. E<br>2. B<br>3. A<br>4. D<br>5. C |
| **Isaisip**<br>karanasan<br>pag-uugnay<br>maunawaan<br>tanong<br>teksto | **Isagawa**<br>1. C<br>2. B<br>3. A<br>4. E<br>5. D | **Tayahin**<br>1. E<br>2. D<br>3. C<br>4. B<br>5. A | **Karagdagang Gawain**<br>1. B<br>2. B<br>3. B<br>4. A<br>5. A |

# *Sanggunian*

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Kagamitan Ng Mag-aaral*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Patnubay ng Guro*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph